# WANT A FRIEND? BE A FRIEND!

## ISANG GABAY SA TAMANG PAG-AALAGA AT PAG-IWAS SA KAGAT NG HAYOP




Developed by:
René Grobler, Amanda Klette,
Netcare Trauma Division
Daniel Stewart & Terence Scott
Global Alliance for Rabies Control


NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# DOGGIE LANGUAGE

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG KILOS NG ASO KO?




© 2011 Lili Chin www.doggiedrawings.net Lili

NETCARE You're in safe hands

GARC RABIES ALLIANCE

# MGA HINDI DAPAT GAWIN SA ISANG ASO

**Madali lang ito, isipin lang kung paano dapat makisalamuha sa isang tao**

Iwasang kunin o agawin ang pagkain ng tao.






Iwasang lapitan o istorbohin ang aso kapag kumakain.

Iwasang kunin o agawin ang laruan ng ibang tao.





Iwasang kunin o agawin ang laruan ng aso.

Iwasang itapat (ilapit) o idikit ang mukha ng ibang tao.





Iwasang itapat o idikit ang mukha sa mukha ng aso.

Iwasang istorbohin ang taong natutulog.





Iwasang lapitan at istorbohin ang asong natutulog o nagpapahinga.

Iwasang lokohin o guluhin ang ibang tao.





Iwasang hilahin ang tenga o buntot ng aso.

Iwasang sakyan o tapakan ang isang tao.





Iwasang sakyan o tapakan ang isang tao

Iwasang kurutin ang isang tao.






Iwasang yakapin ang isang aso. Karamihan sa mga aso ay ayaw ito

Iwasang sigawan ang isang tao.






Iwasang sigawan o gumawa ng matinding ingay sa paligid ng isang aso (busina, tambol atbp)

Poster adapted from resources available by Dr. Sophia Yin at www.drsophiayin.com

NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# Colour in!


May pagkakataon na makawala sa pagkakatali ang isang aso at manghabol ng mga tao.
Kapag may di-kilalang aso na lumapit, huminto at tumahimik. Magpanggap na ikaw ay isang puno
Naiinip na ako. Hindi naman ito gumagalaw.

# RESPONSABLENG PAG-AALAGA NG ASO

## (LIMANG KARAPATANG PANGHAYOP)

**Responsibilidad natin na siguraduhing bawat hayop ay may:**



**1. Masustansyang pagkain at malinis na inumin**



**2. Kumportableng tirahan**



**3. Mabigyan ng lunas (Ipagamot) kapag may sakit or sugat**



**4. Makisalamuha at makipaglaro kasama ang ibang malusog na hayop**



**5. Kasayahan/ Masaya! Kailangan masiguro natin na hindi natatakot o may dinadamdam ang mga hayop**

NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# HUWAG GISINGIN ANG NATUTLOG NA ASO





**Maging masaya at maging kaibigan ang iyong alaga!**

Isang responsibilidad at pribilehiyo ang pagkakaroon ng alaga. Ituring itong tulad ng isang kapatid at bahagi ng iyong pamilya. Matutong kausapin ang iyong alaga. Maaari silang maging pinakamatalik mong kaibigan at magaling pa silang magtago ng sikreto!

Irespeto at igalang ang lahat ng uri ng hayop katulad ng paggalang mo sa iyong mga kapatid, magulang, at guro.

Maaari ring humanap ng isang institusyong makakapagturo sa iyo kung paano pasunurin ang alagang aso.

**Kung nais mo ng kaibigan, maging isa ring mabuting kaibigan!**



NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# MASUSTANSIYA AT SAPAT NA PAGKAIN AT TUBIG

Ang mga hayop ay nangangailangan din ng sapat na pagkain na naglalaman ng mga sustansiya at nutrisyon tulad ng bitamina, mineral, calcium at protina.

Pagkaing maaari at hindi maaaring ipakain sa mga alagang hayop:

| PUWEDE | BAWAL |
|---|---|
| Lutong Karne ✓ | Chocolate ✗ |
| Manok ✓ | Ubas ✗ |
| Salmon ✓ | Sibuyas ✗ |
| Gulay ✓ | Kape (coffee) ✗ |
| Fiber and cereals ✓ | Bawang ✗ |
| Kamote ✓ | Chewing gum ✗ |
| | Alcohol ✗ |



# PANGUNAHING PANGANGAILANGANG PANGKALUSUGAN

Maaaring magkasakit ang lahat ng hayop pero maiiwasan natin ito



Mga pangangailangan ng isang hayop: **Taun-taon na bakuna**

**Purga kada ilang buwan**

**Pagpapakunsulta sa beterinaryo kahit isang beses sa isang taon**

Ang pagpapakapon upang maiwasan ang pagpaparami ng mga alagang hayop ay isa ring mahalagang aspeto ng kanilang kalusugan. Ito ay para maiwasan ang pagdami ng mga alaga na hindi naman kayang bigyan ng sapat na atensyon at pag-aalaga







NETCARE

You're in safe hands

GARC

RABIES ALLIANCE

# WORD SEARCH

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | B | D | K | T | Q | P | L | A | Y | X | A | L | P | S |
| U | P | D | O | G | X | A | S | D | H | F | U | O | I | N |
| N | B | J | M | N | T | I | O | R | E | P | E | T | T | I |
| R | D | X | U | B | Q | Y | D | K | P | R | U | P | B | F |
| B | H | U | B | O | A | L | D | F | A | X | C | V | M | F |
| A | T | I | U | N | W | O | Z | W | N | D | I | O | P | S |
| R | G | W | W | E | B | V | Y | I | T | R | B | A | L | L |
| K | Z | A | O | Q | V | E | T | G | O | O | R | E | W | Y |
| Y | I | L | X | C | V | B | N | M | H | O | U | I | O | G |
| P | O | K | I | P | U | P | P | Y | U | L | T | T | H | B |
| A | S | D | F | H | F | J | H | K | Z | B | E | A | R | S |
| D | W | A | G | W | E | Y | T | Y | F | A | M | I | L | Y |
| Q | O | P | C | B | M | S | Z | C | X | V | R | L | E | W |
| T | O | Y | S | Z | V | B | W | D | T | Y | I | L | S | P |
| E | T | U | I | K | F | U | R | C | B | L | E | A | S | H |

**BALL**
**BARK**
**BONE**
**DOG**
**DROOL**
**FAMILY**
**FUR**
**LEASH**
**LOVE**
**PANT**
**PET**
**PLAY**
**PUPPY**
**RUN**
**SNIFF**
**TAIL**
**TOYS**
**VET**
**WAG**
**WALK**



# MAS MAIGING MAPIGILAN ANG
## "pagkakakagat kaysa ang paglunas nito"

Ang pagkagat ng isang aso ay pagpapakita nito ng takot o pamamaraan nito upang protektahan ang sarili. Maaaring hindi nila ito maisip na mali. Kailangan nating maintindihan at isa-alangalang ang mga sumusunod upang maiwasang makagat ng aso:

- Ano ang pakiramdam ng mga aso
- Paano lapitan ang isang aso
- Kailan maaari at hindi maaaring lapitan o makisalamuha sa mga aso

Maaaring maiwasan na makagat ng hayop kung naiintindihan natin ang ugali at kilos nito.

## ANG MGA DAPAT TIGNAN

- ALERTONG KATAWAN AT BUNTOT
- NAKATIKLOP ANG TENGA
- PAGHAKBANG PALAYO
- PAGTAHOL O PA-UNGOL
- PAGSAKMAL
- MATANG NANLILISIK
- NAKATAYONG BALAHIBO



## ANG MGA DAPAT GAWI✓

-TUMAYO, HUWAG GUMALAW AT
-ILAGAY SA GILD ANG MGA KAMAY



## MGA HINDI DAPAT GAWIN✗

- TUMAKBO PALAYO SA ASO
- SUMIGAW
- MAKIPAGTITIGAN SA ASO

## KAPAG NAKAGAT

- HUWAG HILAHIN ANG NAKAGAT NA PARTE PALAYO MULA SA ASO
- HUWAG GUMALAW
- KAPAG IKAW AY NAHULOG, BUMALUKTOT NA PARANG BOLA AT IPASOK ANG MA KAMAAY AT PA



NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# BITE PREVENTION

## Paano mapipigilan mangagat ang isang aso?

### Mga Asong Kilala Natin:

Mahalagang makisalamuha at makipaglaro tayo sa ating mga alagang aso habang sila ay tuta palang upang hindi nila katakutan ang mga tao. Ito ay para din masanay silang kasama ang mga tao at hindi kagatin ang mga ito.

Mahalaga ding matutunan ng mga nag-aalaga ng aso kung paano makipag-usap sa kanilang mga alaga upang maturuan at mapasunod nila ito at maiwasang masangkot sa mga hindi kanais-nais na sitwasyon.

Maaari ding ipakapon ang alagang aso. Ang mga lalaking aso na hindi nakapon ay maaaring mas maging agresibo sa ibang hayop at tao samantalang ang mga babaeng aso ay maaaring magkasakit kapag hindi nakapon.

### Mga Asong Hindi Natin Kilala:

Kapag may aso na lumapit o tumakbo papunta sayo, huminto at tumahimik. Hayaan ang aso na amuyin ka at kapag ito ay umalis na saka ka maglakad ng mahinahon palayo sa direksyon ng aso.

Umiwas sa mga asong hindi kilala. Kabilang na ang mga asong nakatali o nasa loob ng bakuran.

Huwag tuksuhin, habulin o batuhin ng kahit ano ang aso. Huwag lapitan ang aso habang ito ay kumakain o malapit sa kanyang pagkain, natutulog, o sa babaeng aso na nagpapagatas sa mga anak nito.

Maging pamilyar sa mga aso sa iyong paligid. Kaibiganin ang mga ito at irespeto ang kanilang espasyo o lugar.

Huwag hampasin, sipain o sigawan ang aso at umiwas sa asong may kakaibang kilos.

NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# RABIES

## ANO ANG RABIES?

Ang rabies ay isang virus na nakakaapekto sa mga mammals lamang, at kadalasan sa mga aso. Ito ay namumuhay sa laway ng hayop na may rabies at naipapasa sa pamamagitan ng pagkagat o pagdila sa mga sugat o gasgas sa balat. Ito ay nakamamatay kapag hindi naagapan.

Maaari nating maiwasan ang rabies sa pamamagitan ng regular na pagpapabakuna sa mga alagang hayop laban sa rabies/anti-rabies vaccine



Iwasang makagat ng hayop.



Iwasang hawakan at buhatin ang mga asonggala



Iwasang madilaan at magasgasan ng mga hayop

## MAY LUNAS BA ANG RABIES?

Maaaring maiwasan ang pagkakaroon ng rabies sa pamamagitan ng pagpapabakuna. Kapag nagpakita na ng sintomas ng rabies, hindi na ito maaaring malunasan.

Tatlong simpleng paraan upang maiwasan ang rabies

1. Iwasang makagat ng kahit anong hayop
2. Kapag nakagat, hugasan kaagad sa dumadaloy na tubig at sabon sa loob ng 15 minuto
3. Sabihin sa nakatatanda kapag nakagat ng hayop upang madala kaagad sa ospital o klinika para magpabakuna laban sa rabies



**NOTE:** Mahalaga na magpatingin sa ospital/klinika kapag nakagat ng hayop. Kung walang magulang o nakatatanda na maaaring magdala sayo, magpasama sa kaibigan.





NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

rabies questions or queries:
www.rabiesalliance.org

# Hanapin ang pagkakaiba
# (mayroong 13 na pagkakaiba)





NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# UNSCRAMBLE EACH SENTENCE & THEN USE THE FIRST WORD OF EACH SENTENCE TO FIND THE SECRET MESSAGE



PLAY LIKE DOGS TO ....................................

GETTING YOU DOG ARE A ....................................


DOGS GREAT DANES ARE BIG ....................................

NEED PETS EVERY CARE DAY ....................................

## SECRET MESSAGE?

....................................................................

# JOKE TIME!



Q. What animal keeps the best time?
A. a watchdog!



Q. What do you call young dogs playing in the snow?
A. slush puppies!

Q. What type of markets do dogs avoid?
A. flea markets!

Q. What do dogs have that no other animals have?
A. puppies!

Q. Why is a tree like a big dog?
A. they both have a lot of bark!


Q. What did the dog say when he sat on sand paper?
A. Ruff!





Answers 1) Dogs like to play 2) Are you getting a dog 3) Great Danes are big dogs 4) Pets need care every day Secret message: Dogs are great pets

# BILUGAN ANG ASO NA KAMUKHA NG IYONG ALAGANG ASO!






Ang pangalan ng aso ko ay ................................................................

## Tulungan ang asong mahahap ang bola!





NETCARE

You're in safe hands

GARC RABIES ALLIANCE

# IWASAN ANG RABIES

Kapag nakagat ng aso – hugasan ang sugat at pumunta agad sa pinakamalapit na klinika o ospital

## Paano maiiwasan na makagat ng aso!

- X Iwasan ang asong di-kilala
- X Iwasan ang asong kakaibaang kinikilos- maaari itong mangagat!
- X Huwag habulin, paluin at sigawan ang aso!
- X Huwag istorbohin and aso kapag ito at kumakain, natutulog o bagong panganak,

Concept by: D. Stewart Rabies Project   Designed by D.Cooke Department of Agriculture, Environmental Affairs & Rural development: Veterinary Epidemiology Section 033 3476287

agriculture, environmental affairs & rural development




NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE

# CONGRATULATIONS

## This certificate is awarded to:

________________________________________

**because I know how to be safe around dogs!**

**I promise to:**

- Always ask before I pet a dog.
- Keep my face away from a dog's face.
- "Be like a tree" or "be like a rock" if a loose dog comes near me.
- Never bother a dog when it is eating, sleeping or with puppies.



NETCARE
You're in safe hands

GARC
RABIES ALLIANCE